# Lover's Lane



Axel Pinpin

# Lover's Lane

**Axel Pinpin**

**2012**

Kontra-copyright © 2012
ni Axel Pinpin

Maaaring gamitin o kopyahin sa anumang paraan kahit walang pahintulot ng may-akda basta't tiyaking maibigay ang kaukulang pagkilala sa may-akda at sa aklat.

Cover: : “Cariño-Revolucionario” ni Karla Ujano (Mixed Media 11” x 15.5”)

Inilathala at ipinamamahagi n Axel Pinpin

e-mail: loverslane.feb2012@gmail.com

P I L I P I N A S

# Muling Pagbisita sa Lover's Lane

*"I hate the government because I love my country,"* sabi sa back print ng itim na t-shirt na suot ng kabataang raliyista.

Kahit ang ngitngit ng mga aktibista sa gobyernong gusto nilang baguhin o palitan o pabagsakin ay sa pagmamahal, sa pag-ibig nag-uugat. Ang mga makata pa ba ang makalibre sa paksa ng pag-ibig?. Naalala ko si Marne Kilates nang minsan kaming nag-guest sa isang internet TV show para mag-promote ng librong Under The Storm (An Anthology of Contemporary Philippine Poetry). Ika n'ya, humigit-kumulang, *"walang makata na hindi nagsulat tungkol sa pag-ibig."*

Sadya naman.

Dagdag pa n'ya, *"Nag-iiba-iba na nga lamang ang interpretasyon sa pag-ibig, gaya nitong si Axel, pag-ibig sa Bayan ang paksa n'ya."*

Kagabi, katapusan ng Enero, habang nagpapahindag kami ng mga kasama pagkatapos lantakan ang tipak-tipak na karne galing sa isang pistahan, nagkakamot-ng-tiyan na napabuntong-hininga ang isa sa amin sabay sabing, *"inabot na naman tayo ng full moon."*

Napatingala ako. Napakaliwanag nga ng langit. Para kumpletuhin ang eksena, tinanglawan nito ang puso ng saging sa may ulunan ko. At parang nag-alok ang iba pang puso sa mga kulumpon ng sagingan, *marami pa kami rito*. Love month na, yun ang unang pumasok sa isip ko. Kasabay na nabuo ang isang balak.

Iipunin ko ang mga love poetry ko. Ilalathala. E-book. Para mas mabilis.

Sa nauna kong dalawang aklat ng mga tula, *Tugmaang Walang Tugma* (self-published, 1999) at *Tugmaang Matatabil* (Southern Voices, 2008), tiniyak kong pareho itong may seksyon para sa mga tula ng pag-ibig. Naisip ko ngayon, isang aklat na 'yun lamang ang laman.

Nasa harap n'yo ngayon ang mga piniling tula mula sa koleksyon ko ng love poetry. Hinati ko ito sa tatlong bahagi. Ang *Lover's Lane* ay pamagat ng isang seksyon ng *Tugmaang Walang Tugma* na muli kong ginagamit sa antolohiyang ito. Laman nito ngayon ang mga tulang nasulat bandang 1991 hanggang 1999.

Noong kalalabas ko pa lang ng bilangguan, sa isang pakikipaghunta kina Tsong Gelas (Gelacio Guillermo) at Alex (Remollino, buhay pa s'ya noon at pare-pareho pa kaming long hair), lakas-loob ko silang tinanong kung ano ang masasabi nila sa unang aklat ko na walang benepisyo ng anumang workshop, editing, critiquing o kung anupamang expert opinion mula sa ibang tao.

*Anarcho-romantic* daw sabi ni Tsong Gelas. Gusto ko sa tenga 'yun. Dahil *punk-na-punk*. Parang *cool* pakinggan.

Pero kung anupaman ang talagang pakahulugan noon, isinasama ko sa koleksyong ito ang ilan sa mga una kong tula ng pag-ibig nang sa gayon ay maidokumento ko rin ang pagtanda ng a*mature* poetry ko.

Kung ang *Lover's Lane* section ay puno man ng kabalbalan, eroticism at nag-aadvocate ng free love, isisi n'yo ito sa kaga-*Gabba Gabba Hey!* ko noong high school. Kung naumay naman kayo sa tamis ng romansa, ang Tatay ko ang sisihin n'yo dahil s'ya ang tunay-na-romantikong guro ko sa pagla-lakandiwa.

Napasama ako sa 35th UP National Writers Workshop. Ang unang tula sa koleksyong ito na *Bulalakaw* ay kabilang sa ipinasa ko. Nang nakasalang na ang tula, 'ika ng isang fellow na lesbiana – *mushy*.

Dahil hindi 'yun ang inaasahan kong komentaryo, naging problema ko tuloy kung paano ba magsusulat ng love poem na malupit. 'Yung astig.

Hanggang mabuo ang tulang *Ay Mal!*. Binigkas ko itong impromptu sa sarado nang Verb sa Malate. Sa luob-loob ko noon, ang astig na tula ng pag-ibig ay bastos at bulgar. Baka naman mga sabog lang kaming lahat kaya hindi magkamayaw sa palakpak at sipol ang audience sa tulang ito.

Ang ikalawang bahagi ng koleksyon ay pinamagatan kong *Nang Salakayin Mo Ang Aking Pananahimik*, tula naman ito na nasa *Tugmaang Matatabil* at *Under The Storm*. Noong i-post ko ito sa Facebook, mabilis ang pagla-*Like* at kumentaryo ng mga kaibigan at kamakata. Ang pagkakatanda kong sabi ng paborito kong si Richard Gappi, *"very graphic illustration ng torture."*

Napasama rin ito sa Paper Monster trip/hop issue na pinamamatnugutan ni Ayn Frances Dela Cruz. Sa page design, may drowing ng lalakeng naka-piring at mukhang nahihirapan.

Ipinagpalagay din ito ng kumpare kong si Joel Malabanan na eksena sa rali. Pukpukan. Dispersal.

Eto ang problema kapag branded kang protest poet, tiyak na itatratong *anti* at *payt-payt* ang mga tula mo. Pero sa katutohanan, ang *Nang Salakayin Mo Ang Aking Pananahimik* ay walang anumang kinalaman sa kilusang protesta.

Noong nakaraang 50th UP National Writers Workshop, nagkaroon ako ng pagkakataong bigkasin itong tula sa Oh My Gulay! sa Baguio. Kinutsaba ko ang isa pang fellow na si Ricci (Nerissa Del Carmen Guevara) na kako ay saliwan ng galaw ang tula. May live percussion din na kasabay. First time n'yang maririnig ang tula. Noong lapatan na n'ya ng sayaw-galaw ang tula, ni hindi sya nagkuyom ng kamao, ni hindi sya nagpakita ng galit sa mukha. Walang naganap na anumang protesta. Puro nga pagpapaubaya.

Ngayon, ang tula ay isa na sa mga pyesa ng The Axel Pinpin Propaganda Machine at may salin sa English.

Ang ikalawang seksyon ng koleksyong ito sa mas madaling salita ay *transisyon*, ng panulaan ko bago ako naging aktibista hanggang buong-panahong ilaan ang buhay sa pambansa-demokratikong kilusan. Ito ang panahong inaatake, sinasalakay ng mga prinsipyo ng national democratic movement ang petty-bourgeois tendencies ko. Kaya mapapansin ang mga pagtatangka kong ilangkap na ang mga bagong ideya at karanasan sa loob ng kilusan. Naisulat ang mga tula bandang 1997 hanggang 2001.

Lutang pa rin ang eroticism.

Sa huling bahagi, ang *Cariño-Revolucionario*, na pinutiktik din ng Like at comment sa FB, ay isang lumang konsepto ng love poem bago ako

naging full-time activist. Madalas na ang pakikisangkot ko noon sa protest movement, malakas na rin ang tulak na iwan ko na ang *burgis* na pamumuhay at mag-*pultaym* na. Mag-NPA, ang una kong pangarap sa *tunay* na pakikisangkot sa problemang panglipunan, kung tutuusin.

May orihinal itong pamagat na *Hindi Ikaw Ang Una Sa Buhay Ko* at isinulat ni Bangge (Vangiemar Gerpacio), musikero at makata rin. Kanta ito noong una.

Macho, sabi nga ng ilan. Pero taliwas sa pagiging macho, 'yun ang konsepto ko ng *ideal* na pag-ibig. *Sana ako'y hindi rin sa* 'yo, hirit ko sa huling linya – dahil pareho sana naming first love ng kasintahan o asawa ko ay ang *Bayan* – ang paglingkuran ito.

Sa bahaging ito ng koleksyon, sinisikap ko nang iwaksi ang lahat ng pananaw ko sa panahon ng pre-LRP days ko. Maaring nabubulid pa rin ako sa romantisismo, dahil sa ganito ako nagiging matapat-sa-sarili. At erotisismo, ayaw ko namang ikompromiso ito para lang magmukhang G&D ang mga tula ko.

Oo, aminado ako, kahit ang tula ko para sa mithing katarungan at kalayaan ay alusyon sa hinahangad na kasintahan o asawa, or vice versa. Maaring real o *imagined*, maaring sariling karanasan o ninumang kasama na nasa liberation movement.

Nilagpasan ko sa koleksyong ito ang love poetry na nakapatungkol lamang sa pagmamahalan ng babae at lalake, at same sex relationship. Narito rin ang pagmamahal ng isang lolo sa kanyang apo. Ng mga kaibigan sa kasamang namatay sa Gyerang Magsasaka sa kanayunan. Ng asawang martir sa kanyang balo. Ng camp commander sa mga tao sa kampuhang-magsasaka. Ng bawat tao sa mga bagay-bagay sa kanyang paligid.

Ang afterword, na strangely ay Ingles, ay isang sanaysay na isinulat ng isa ring kasama sa kilusan. Luwal iyan ng romantisismo sa paghahanap ko ng isang Muse (ang *Kung Ang Kalayaan Ay Nasa Iskaparate* ay alusyon sa nagsulat ng The Poet's Muse), na sorpresang sinagot n'ya sa ganyang paraan.

Bakit ito ang afterword? Bukod sa wala akong luxury of time para mag-solicit ng pahimakas at review mula sa ibang manunulat o kritiko dahil atat na rin akong mailabas itong koleksyon, minabuti kong gawin ng one-man-team ang aklat.

Una, ipinagpapalagay kong well-crafted ang The Poet's Muse. Ikalawa, tingin ko rin ay kilalang-kilala ng sanaysay ang pagsusulat at pagtula ko bilang rebolusyunaryo-makata. At ikatlo, eto ang ideya ko ng *ideal* na musa – Muse na hindi physical attributes, tulad nang nakagawian, ang batayan – kundi *Lakambining* makakasama ng Makata sa pagrerebolusyon – kung gayon, hindi nga necessary na babae (kung lalaki ang makata) ang Poet's Muse – maaring ang pinaglilingkurang masa, mga karanasan ng buhay-at-kamatayang pakikibaka, at iba pang maimpluwensyang pangyayari at bagay sa makata.

At dahil lumanding na ito sa internet, bukas-na-bukas ang koleksyong ito sa kaninumang interesadong i-criticize at i-review ang mga akda. Hinding-hindi ako magdadalawang-isip na higit pang paunlarin ang panulaan ko mula sa puna at komentaryo ninuman – para sa benepisyo ng mambabasa.

Sa huli, taos-puso akong nagpapasalamat sa *iyo* na nag-i-scroll up-and-down ng touch pad o mouse mo ngayon.

*Tapat kang minamahal,*

**Axel Pinpin**
Pebrero 1, 2012
Lalawigan ng Kabite

# Mga Nilalaman

**Muling Pagbisita sa Lover's Lane** ........................................ i

**Lover's Lane**

Bulalakaw........................................................................ 2
Boredom I........................................................................ 3
Boredom II........................................................................ 4
Instant Coffee (w/Creamer) ........................................................ 6
Ang Masugid Na Manliligaw Ng Bedspacer Ni Ka Lele............ 8
Di Mo Na Ba Ako Lab?.............................................................. 9
Lover's Lane....................................................................... 10
Ay Mali!............................................................................ 11

**Nang Salakayin Mo Ang Aking Pananahimik**

Pagbisita Sa Isang Lumang Tula
Ng Pag-Ibig Na Hindi Love Poem.................................... 14
Impromptu ........................................................................ 15
Huling Habilin Ni Ka Uden Kay Matthew............................. 16
Kung Paanong Maglihi Ang Komunista................................ 18
Abandonado ...................................................................... 19
Pusod ............................................................................... 20
Nang Salakayin Mo Ang Aking Pananahimik.......................... 21
Huwag Mo Akong Kamuhian............................................... 23

**Cariño-Revolucionario**

Sa Ganito Kita Maaalala....................................................... 26
Mahal, Hindi Tayo Bagay...................................................... 28
Ang Tula na Hindi ko Nabigkas
Sa Pagtatapos Ng Mendiola Masaker 2011 Protest-Rally...... 29
Mina.................................................................................. 30
Pedring.............................................................................. 31
May Mali ........................................................................... 32
Kung Ang Kalayaan Ay Nasa Iskaparate................................ 33
Kung Ulan Ang Tula............................................................ 34
Sunog ............................................................................... 35
May Markang Iiwan Ang Dagta
Ng Sineguelas Ngayong Tag-Araw.................................. 37
Mahal Kong Orly.................................................................. 38
Gayuma.............................................................................. 40
Cariño-Revolucionario ......................................................... 41
Cheesy Is The New Cool ...................................................... 42

**The Poet's Muse** ............................................................ 43

**"Ang hugis ng puso mo**
**ay tulad rin ng hugis ng kamao**
**ko.**
**umiibig,**
**nagngingitngit.**
**Mapagpalaya."**

**"*Kay P,* na bumago sa spelling ng Muse –**
**gabay ng mga rebolusyunaryo-makata**
**at mangingibig."**



# Lover’s Lane

# Bulalakaw

*(Para kay Agnes)*

Isang gabing katitila pa lamang ng ulan,
naglalakad akong
sakbit ang pangamba sa aking balikat,
habang namumulot ng mga latak ng aking pangarap.

Nang sa guguhit itong bulalakaw
sa lawak ng kalangitang
masuyong tinatanglawan
ng liwanag ng buwan.

Saglit akong natigilan,
saglit akong nawala sa natural.
Binuo ko sa bilog-na-usok ng sigarilyo
ang kariktan ng iyong anyo,
sa pag-asang makikita
kitang muli sa ibang mundo.

Kinapa ko sa aking kupas-na-maong
ang kartamuneda ng aking pag-ibig,
sa pag-asang mapapasaakin ka
at rito'y maisisilid.

Nguni,
nagulantang na lamang ako sa katotohanang
kailanma'y di ka maaring maangkin, sapagkat,
doon ka kabilang sa langit
at mga bituin.

Gayong ako'y matagal nang pag-aari
ng lupa
at makasarili kong damdamin.

# Boredom I

Nakatanga ako
sa teleponong hindi naman
tiyak ang pagkiri-ring.
Lahat ng channel
sa telebisyong-walang-cable,
nadaanan.
Humawak ako ng gitarang
alam kong hindi naman akma
sa aking mga daliri.
Nagsindi ng sigarilyong
halos hindi na malasahan
ang ginhawang hatid ng usok.
Binuhay ang kompyuter,
maski alam kong hindi rin
naman dito matatagpuan
ang hinahanap na saya.
Pumailandang ang tinig
ni Jess Santiago na parang
nadudurog na purunggo.
Maging ang ngilngil ng gitara
ni Nitoy ay hindi ko na rin gusto.
Naduduak na ako sa home made
pizza pie ng kapatid kong babae.
Iniisip kong magpatimpla ng kape,
subalit alam kong mapapaso
lamang ako sa bawat higop
sa mainit na likidong hindi rin
naman s'yang ninanais ng dibdib.
Sa pagnanasang wakasan ang
pagkaburyong na nararamdaman,
(gayong kung tutuusi'y dapat
lamang maging masaya, dahil
kapa-Pasko pa lamang at kaarawan
ng Dakilang Komunistang Intsik),
lumikha ako ng isang tulang
walang katiyakan ang pupuntahan.
Dahil isa lamang naman talaga
ang tiyak ko sa pagkakataong ito.
Nagigiliw ako sa iyo.

# Boredom II

Di-maipagkakailang Pasko kahapon.
Dama ko pa ang lamig ng simoy
ng hangin sa labas.
Kumu   ku   ti
ku
ti
tap
pa rin ang mga munting ilaw
sa harapan ng bahay ni Kakang Nena.
(Maski nangangamba siya sa babayarang kuryente).

Di nga maitatangging Pasko kahapon.
Amoy ko pa ang gaas at aroma ng
barbekyung inihaw sa likod-bahay.
Nag
ta
ta
k
bu ha
n
pa rin ang mga bata
sa harap ng bahay ni Kakang Nena.
(Habang tangan-tangan
ang kinatatakutan kong baril-barilan)

Oo nga naman, a-bente-seis ngayon.
Dahil Pasko kahapon.
At Pasko ngayon sa Mahabang Kahoy*.
Kung kaya anibersaryo rin ngayon
ng mga lumaban sa Hapon.
Paano ba nangyari ang
k  a
[u]gu   lu
[an]hang
(a, magulo)
ito.

Di ko maikakailang ikaw
ang dahilan ng mga ito.
Dahil kasalukuyang
l
a ng ung-
  la
    n g o
ako sa pag-iibigan natin.

---

**Baryo sa Indang, Kabite na ang selebrasyon ng Pasko ay tuwing Disyembre 26.*

# Instant Coffee (w/Creamer)

Malalim ang iniwang marka
ng iyong mga ngipin
sa butuhin kong balikat,
singlalim nang inabot ng gabi
bago tayo nagpaalaman
sa lamig ng inarkilang taksi.

Ba't nga ba di tayo nagdalwang-isip
man lang
o huminto kahit isang saglit
para bigyang puwang
ang alinlangan,
agam-agam
o takot?

Sabagay, magkuminsa'y
kaysarap maging malaya
sa isang lipunang bilanggo
ng itinutuwid nating kasaysayan.

Bago pa natin namalayan
ang pagkalunod,
sa indayog ng alon
ng magkasanib na pawisang-katawan,
kapwa na tayo nalinlang
ng kahibangan,
ng pait ng pangako,
ng reyalidad na kailanma'y
di-magiging atin.

Kahit pa nga nakakatakot
bigkasin
ang ritmo ng pag-ibig
sa isang walang-katiyakang
pagniniig,
lakas-loob natin itong inawit
alang-alang sa tukso
ng gabing parang ayaw
munang magwakas.

Sino nga ba ang makakatanggi
sa dampi ng mga kataga sa ating labi,
o sa haplos ng musika sa ating mga balat,
lalo na sa mahika
ng pantasya sa ating mga guni-guni?

Wala.
Wala ngang sinuman
ang di-malulunod sa
umaagos na pagnanasa
sa pagitan ng ating magkaibang daigdig.

Sadyang malalim ang iniwang marka
ng iyong ngipin sa aking butuhing balikat.
Dama ko pa ang hapdi
sa tuwing haharap ako sa salamin.
Lasap ko rin ang tamis
sa tuwing tumatanaw ako sa malayo.

Di pa sana ito papanaw,
kung di ko maaalala
ang napipilitan mong halik
bago tayo nagpaalaman
sa lamig ng inarkilang taksi.

# Ang Masugid Na Manliligaw Ng Bedspacer Ni Ka Lele

*(Para Kina Pareng Rizal at Dem)*

Ang pinagsaluhang ngiti
ng mga ngawit na labi
sa gitna ng malalanding hagikhik
at mga umis na sabik
ay mga damdaming
pigil
ng kapaligirang sumisikil
sa paglayang ganap
ng mga katagang di-maapuhap
mula sa ipininid
na pagsuyo
ng kabiyak na lumayo.

Ano ngayo't pilit kang naghahanap
ng katuwang sa hinaharap?

# Di Mo Na Ba Ako Lab?

Wala nang tamis ang 'yong mga halik
at napansin kong mga yakap mo'y tila nanlamig.

Di ko na nakikita ang pungay ng 'yong mga mata
sa t'wing hihipan kita sa puno ng 'yong taynga.

Wala na ang atensyon o kahit konting pansin,
nawalan ka na ngang gana sa kuwentuhan natin.

Di ka na rin nagpapahawak o nagpapaakbay
'pag namamasyal tayo't naggagala nang sabay.

Di mo na rin ba trip ang paborito nating myusik
na sinasayawan mo pa ang maharot nitong himig?

Mis ko na ang isaw, banana kyu at sago
na pinagsasaluhan natin tuwing araw ng Linggo.

Di mo na rin ako tinatawag sa tawagan nating Mahal,
ayaw mo na ring mag-aya sa paborito nating sinehan.

At lalong hindi ko na nakikita
na suot mo ang regalo kong Levi's na maong,

bagay na bagay pa naman sa 'yo
lalo na kung gabing magsisiping tayo

at huhubarin mo na ito sa harapan ko.
Di mo na nga ba ako lab?

# Lover's Lane

*(Kay Eva)*

Bago pa tayo nagkahiwalay
nagkaroon nang kapalitan sa kanya-kanyang bahay
nagpalaman sa unang gabi ng coco-jam
pinag-isa ng batas at ng kakumpareahang Pari
naganap ang unang laplapan
sa iyong thesis ay tinulungan
nangyari ang di-mabilang na singhalan at lambingan
nagyapusan at nagkahalikan
unang date sa Jollibee sa Baclaran
naging magkasintahan
inagaw sa dati mong katipan
nagpaturo kang mag-BMX
naglakas-loob akong ihatid ka't sabayan
at,
natanggap mo ang una kong nagpapa-cute na liham
sa mabangong stationery na kulay-pink
ay
nauna na riyan
ang matiyaga kong pag-ukit ng iyong pangalan
katabi ng aking pangalan
sa loob ng disenyo
ng isang payak na puso
doon sa balat ng puno ng kaymito
sa may lover's lane.

# Ay Mali!

Bakit kailangang
magyakapan
tayo
at maglakbay
ang iyong mga kamay
sa aking mga hita habang
gumagapang
ang iyong mga halik
sa puno ng aking taynga?

At iyong ibinulong ang mga katagang:
"Mahal na mahal kita Raul."

"Putang ina!
Michael ang pangalan ko."



# Nang Salakayin Mo Ang Aking Pananahimik

# Pagbisita Sa Isang Lumang Tula Ng Pag-Ibig Na Hindi Love Poem

Ikaw ang armas sa lahat ng laban,
(sana'y) Nanay ng anak,
(sana'y) asawang bine-*beb*;
panalag ng leeg at taynga kung maginaw,
at maaasahang balikat kung umiiyak.

Ikaw ang bulwak ng tula,
kilig at kilabot sa umaga,
kaibigan sa kabigua't pagwawagi;

kasalo sa pananghalian,
at kasiping sa paglalamay kung gabi.
Ikaw ang asul at sulasok,
asim at dagundong.

At kung wala ka,
kahit sa hinagap ay mahirap isiping –
black & white ang telebisyon,
manhid sa samyo ang Blue Jeans,
matabang ang sinigang,
at wala-sa-tyempo ang ska.

Kung ganito,
maagang magagapi ng kaaway,
mananatiling binatang-ama
at balo.
Susumpungin ng hika sa lamig,
at maiiyak sa di-nalalabhang *tubao*.

Kung ganito nga,
baka ni pamagat ng tula'y wala,
at lahat ay bula.
Estranghero ang lahat,
malilipasan tiyak ng gutom,
at tuluyan nang mamamatay sa puyat.

# Impromptu

Sa pangatlong Pebrero
nang ating pagsasalo
sa iisang ngiti,
dalamhati,
tulugan,
kumot at unan.
may maibibigay ba akong ikagugulat mo pa?

Hindi kita kayang alukin
ng pakikipag-isang dibdib.
o nang isang imortal na pag-ibig.
wala rin akong pambili ng rosas
o kard,
o ng paborito mong tsokolate.
lalung di na kita kayang dalhin
sa paborito nating,
alam mo na.

Bagama't tinitiyak ko naman
na ang mga kataga sa papel na ito
ay walang pag-aalinlangan,
tulad ng aking rebolusyong
matagal ko nang iniaalok
sa iyo.

# Huling Habilin
# Ni Ka Uden Kay Matthew*

Bagama't tutoong malayo ang ating agwat.
Dahil ako'y narine at ika'y naririyan.
Dagdag pang dumarami na ang aking uban
at ikaw nama'y babagong tinutubuan.
May mga ilang bagay akong nais ihabilin sa aking pag-alis.
(O, mas tamang sabihing ilang paglilinaw,)

Maaring di mo pa talos ang mga kataga,
karanasan,
o awit at tula
na aking kinahihiligan.

Maaring lubhang malalim ang mga prinsipyo,
termino
o liko't-sikot
ng Digmang Bayan na aking isinusulong.

Marapatin mo pa rin, aking apo
na turan ko ang ilang bagay
na sana'y pirmi mong taglay,
bitbit,
tangan
sa sanggol mong alaala.

Una, alam mo bang higit akong sabik
sa paghalik
ng liwanag sa munti mong mukha,
kaysa sa aking naramdaman nang isilang
ang iyong ama?
Alam mo bang gumigitaw ang ngiti sa aking mga labi
sa tuwing maiisip kong
sana'y ang amoy-gatas mong katawan
ang aking kilik sa aking mga bisig
sa halip
na ang nakasanayan kong beybi armalayt?

Ganyan,
aking apo ang aking mithi,
na sana'y masubaybayan ko ang iyong paglaki
tulad ng aking pagsubaybay sa pagyabong
ng rebolusyon, ng aking rebolusyon,
ng iyong rebolusyon, ng ating rebolusyon.

Ikalawa, alam mo bang walang inorasan
na binubuo ko sa aking isipan
ang iyong magiging hitsura.
Kawangki kaya kita?
Kasing-tikas kaya kita?
Paglaki mo,
bagay rin kaya sa iyo
ang amopots na suot ko?

Sana, aking apo,
sundan mo ang bakas
ng rebolusyunaryo mong lolo.

Ikatlo, nag-aalala ako,
at mas malimit sa hindi,
nagsasalimbayan ang pangamba
na matanggap mo kaya,
maipagmalaki mo kaya,
sa iyong mga kalaro, kaibigan at kaiskwela
na ako, na ama ng iyong ama,
ay pinili ang landas ng Matagalang Digmang Bayan?

Maari ngang masalimuot pa sa iyo
ang aking mga tinuran,
ang aking mga sinambit,
subalit sa panahon ng ganap na paglaya ng sambayanan;
titiyakin ko sa iyo,
taas-noo kang magbibida sa iyong mga kalaro
na ang aking lolo ay ang aking bayani,
ay ang aking hukbo.
Tiyak aking apo,
ang munti kong habiling ito.

---

*Napaslang si Ka Uden (kilala ring Ka Salazar) noong Setyembre 15, 2000 sa isang enkwentro ng mga NPA at pasistang pulis at CAFGU sa Bgy. Daine, Indang, Kabite. Hindi na niya nakita si Matthew. Pinangalanan kong Zar ang isa sa mga anak ko (na namatay rin 16-oras matapos ipanganak sa parehong petsa).*

# Kung Paanong Maglihi Ang Komunista

*(Para Kay Ka Maura)*

Humahalo
ang iyong mga umis,
hagikhik,
hagakhak
at sa kalauna'y nagiging halakhak
sa gitna ng salimbayan
ng mga ideya at kaisipan;
mga prinsipyo't katwiran
ng mga kasama
sa loob ng Pulang Paaralan.

Habang pinaglalaruan
mo nang pindot at pisil
ang mga tinik
ng Modernong Rebisyunismo
ng guyabanong
inaasam mo sanang hinog
at singtamis
ng unibersal na teorya ni Marx.

# Abandonado

Sa abandonadong gusali mo tinipan ang kamera,
Walang pasubali.
At sino nga ba ang sa kanya'y lumisan?
Ngayo'y binibisita ng kislap ng liwanag
at ng iyong ipinagdaramot na ngiti,
ng iyong ipinagdaramot na hugis ng dibdib –
na ang tanging kublihan ay ang iyong butuhing braso.

Kapwa niyakap ng panakaw na kislap ng liwanag
ang gusali at ang iyong katawan.

Hindi na ito nag-iisa.

## Pusod

Ang lalim ba ng iyong pusod
ay siya ring lalim ng iyong puso?

Hayaan mong sukatin ko ito
ng aking daliri at salita
at nang ako'y malunod
at maglunoy sa iyong katubigan,
at mahulog din sa iyong bangin.

# Nang Salakayin Mo Ang Aking Pananahimik

*(Para Kay Michelle)*

Noong gabing salakayin mo ang aking pananahimik
ay ni hindi ka nagbigay ng babala.
Marahas at sibat at animo'y lawin sa hangin,
pumapagaspas ang iyong kasuotan sa abuhing gabi
na kidlat na gumapi sa aking pagkabigla.
Nagpatulala ang ilandang ng binti mong kulay putik
na sorpresang kumubabaw sa pagkubli kong walang-imik.

Dinaig nang planado mong pagtutop
sa magkabila kong balikat ang tangka kong pagbalikwas.
Pagbaba ng matutulis mong kuko sa aking dibdib
ay tinupok ng hapdi ng galos
ang unti-unti kong sumusukong hulagpos.

Sinikap mong dukutin ang aking puso
habang delubyo ang sangga't daluhong
ng iyong nangingintab na kalasag
sa di-napigila't bumugso kong galit;
subalit nagawa kong umus-os at magpatihulog.

Sumalipsip sa aking balat ang singhaya ng iyong pagkahayok
na lupigin ang aking galit, lagutin yaring hininga. Amoy-hayop.

Ramdam ko ito sa patak ng sumusulak mong pawis,
kilabot ang hatid ng iyong paglalaway
at kislap ng matatalas mong ngipin.
Pulang kahel ang diklap ng iyong mata sa dilim.
Isinalya ko ang lumuwa mong dibdib
na umaalon sa paswit ng iyong pagmamadali,
ngunit paglao'y mariin na akong napadakot sa lupa
tanda ng pagsuko at pagpapaubaya.

Tagumpay ka na sa huling bigwas ng iyong kalasag;
mapagpasyang igpaw sa aking mukhang nakaharap sa langit.
Bago ang naigang puslit ng aking ngalit
at pinakamalalim na buntong-hininga
ay nasamyo ko pa ang tingkad ng aroma ng bakal;
natikman ko pa ang alat at tamis ng pawis
mula sa iyong kalasag na paulit-ulit mong inihampas
nang inihampas nang inihampas na tila kumpas
sa aking mukhang tinanggap na ang kamatayan.
Pumanaw akong magiting ang iyong pagkakaluhod
sa ibabaw ng payapa kong bangkay.
Hinaplos ng buwan ang lumaylay mong ngiti
sa kulay-dugo mong labi.

# Huwag Mo Akong Kamuhian

Huwag mo akong kamuhian
kung dumating ka sa opisina't walang rosas
sa ibabaw ng mesa na matiyagang naghihintay
sa iyong ngiti at pamunas.
Huwag kang matigilan at tumitig sa kawalan;
wala ako roon, aking Mahal.

Huwag mo akong kamuhian
kung pag-uwi mo mamaya'y walang sundo
sa terminal ng jeep na sabik na naghihintay
sa iyong halik at tapik.
Huwag kang maghanap at lumingon sa katabi;
wala ako riyan, aking Mahal.

Huwag mo akong kamuhian
kung matutulog kang ulila ang dantayan
sa kama nating laging naghihintay ang unan
sa aking paghiga at hilik.
Huwag kang mag-alumpihit,
ika'y tumagilid;
nariyan ako sa bigat ng iyong dibdib,
aking Mahal.



Cariño Revolucionario

# Sa Ganito Kita Maaalala

I. Sa masasarap na biruang
munggo na may balatong ang ulam
na iginisa o nilahukan

ng malulutong na sitsaron
at halakhakan sa kapalpakan
ng nakakalbong matandang binata.

Sa malalansang kalawang
ng basyo ng sardinas
at Pork & Beans na Mexican flavor

na iniluluwa ng sikmurang
sanay sa binulanglang na sitaw.
Sa walang-kamatayang adidas

at leeg na kung hindi tinola'y
adobo; salamat sa mga madre,
isang gabi'y itinuro nila

ang wastong anatomiya
ng manok – pala'y may pitso,
balugbog at hitang kabitan ng paa.

Ang hindi lamang maubus-ubos
ay ang saku-sakong asin
ng mga asinderong humahamon

sa Hasyenderong Republikang
matitikman ang pangakong
wala-palang-lasa. Tuwing umuulan

ang tuyo lamang sa Kampuhan
ay ang aming ulam.

II. Hindi kami natutulog dito
dahil hindi payapa ang magdamag
sa aming bantayan.

Nag-aarmas kami ng awit at kape
na pinaiinit sa itim na uling
na singdilim ng gabi

na kapag nagbaga'y pula
ang balatay sa aspaltadong
bagnos* ng lungsod.

Kami ang unang makakasumpong sa umaga
At paglao'y makakauwi na rin.

III.Dalawang tinamaan ng tuberculosis,
isang natutong bumasa't sumulat
ng tula at magtalumpati sa entablado.

Isa pang Dumagat na nagkaroon
nang lakas-loob na magturo ng LRP
bukod sa nakagawiang paghahabi

ng plastic straw
upang maging kartamuneda
ng barya-baryang sentimo

at irap sa atin tuwing umagang
ang harurot ng jeep sa Circle
ay simbilis rin ng oras.

Maaalala kita sa pingkian
ng aspalto at gulong ng bus
na walang-palya kung gumising

sa puso kong isandaang araw
na hindi pumintig nang mahimbing.

______

*eng. Pathwalk – daang-tao sa mga bukid at/o gubat na natural na nalilikha kapag laging nadadaanan*

# Mahal, Hindi Tayo Bagay

Makisig ka sa iyong kurbata at bagong plantsang salawal.
Madungis ako sa bestida kong suot sa pang-araw-araw.
May salapi kang kapital, ang aki'y bulsang kumakalam.
Ganda't lakas kong puhunan mo'y iyo pang inaagaw.
Ngayong magkaniig tayo'y tinatawag mo akong *Mahal*?

Hanga'y-bilib ako sa karwahe mong hila ng mola.
Habang kahiya-hiya ako sa paragos na hila ni Ama.
Kaylawak ng iyong asyenda, lupain ko'y nasa paa.
Putik kong ikinayayaman mo'y iyo pang pinariwara.
Ngayong magkasiping tayo'y sinasambit mong *Aking Sinta*?

Nang ipagiba mo ang aking bahay, yumuko ako sa iyo.
Paglao'y dinampot ko na rin, pinandurog mong maso.
Nang ipatabas mo ang aking palay, umiyak ako sa sakit.
Paglao'y dinampot ko na rin, bagong-hasa kong kawit.
Ngayong hiwalay na tayo'y – *Mahal ang kabayaran ng lintik!*

---

*Ipatabas – eng. trim*
*Kawit – mas malaking karit, gamit-pangtabas ng damo.*

# Ang Tula na Hindi ko Nabigkas Sa Pagtatapos Ng Mendiola Masaker 2011 Protest-Rally*

*At nararapat nang mabasa ngayong April Fool's Day*

Kung maisasalba lamang ng tula
itong pagtingin at pagsintang
tulad na nang pagkaantala
ng paglaya
ng mga kasamang nakabilanggo,
disin sana'y humiling na ako
sa mahuhusay na Makata.

Ngayo'y tutulog na muna ako nang maaga --
at bakasakaling doon ay mas mabilis
ang oras
at higit na may pagkakataon
sa mga bagay na hindi ko mabanggit sa iyo
sa gitna ng ingay ng rali,
inip sa pulong
o kainitan ng debate sa mga pagtatasa.

Wasto si Mao Tse-tung,
"Hindi makakapaglunsad ng rebolusyon
ang tula,"
subali't tiyak akong kaya nitong
magtapat ng makauring pag-ibig.

---

*Naunsyaming tula ng paghahapag ng programa ng pangliligaw*

# Mina

Kabilang ang banta ng ulan at bagyo,
sa pag-ibig nya sa pag-asa.
Gayundin ang senyales ng pagbaha at delubyo.

Iniibig nya ito kahit malimit
ay mali ang anunsyo
ng pagtila at pagtigil.

Kung gaano maaasahan ang pag-asa
sa alinlangan at baka-sakali
ay hindi tiyak sa mga disin-sana.

Ngunit, natural ang pag-ibig sa ulan
kung hindi man sa pag-asa,
gaya nang paghihintay ng mga parang

at kabundukan na ang hudyat
ay pagsalakay sa kinukutibtib
na mga sundalo. At mahahagilap

niyang sa paghihintay ng pagtila ng ulan
hindi nagpapatumpik-tumpik ang Bayan.

# Pedring

(*Kung pwede ring ligawan ang bagyo* )

Dumarating ka sa mga di-presisong babala,
ng pag-asa at pagbabakasakali.

Magdamag mo akong hahagupitin
ng iyong kalupitan,
wala-kang-awa,
at pagsasaalang-alang.

Lilisanin mo rin naman pala ang umaga,
sana'y hindi
na lamang nagmadali
ang iyong hangin
na oyayi kagabi ang ungol
at aliw-iw.

# May Mali

May mali sa design ng t-shirt
ng babaeng aktibista ng Los Baños
dahil sa ilalim ng mukha ni John Lennon
ay ang pariralang Let It Be.

May mali sa spelling ng Venigar 4 Sale
& Fresh Muscles from Bacoor
na nasa pondahan
sa By-pass Road ng Silang.

May mali sa mukha ni Hesukristo
dahil Cruz ang nasa headline
at hindi ang Krusipihong pinagbayubayan
ng censorship.

May mali sa sining na hindi nakakabuntis
kahit pa singtigas ng titi
at butas na prophylactic ang itinarak
sa gang-raped na relihiyosong lipunan.

May mali sa laptop keyboard
nang mawala ang open parenthesis
dahil romantisismo ang nais
na pawang halik at ngiti lamang ang umiral
sa walang emosyong emoticon.

# Kung Ang Kalayaan Ay Nasa Iskaparate

Para kang Fred Perry sa istante sa Megamall

o banana kyu sa Pasay Rotonda,
bagkat* ang asukal
sa panahong paspas ako
sa paglalakad upang umabot sa tren.

Para ngang hindi na magiging akin kailanman
o matitikmang panglunas sa kagutuman.

Pero laging umaasa,
ilang taon mula ngayon
maraming mag-aamok
at lalahok
sa pamamasok
ng mga mall para irun-sack at durugin ang mga salamin.

Pagkatapos ng anarkiyang naging makatwirang digma
ay ang paglaya ng saging
sa kuko ng imperyalistang palengke.

Araw-araw na kitang maipiprito.

---
* *caramel*

# Kung Ulan Ang Tula

Pinapawid
palayo

sa paswit ng tik-a-tik.
Kung ibig mong bumalik

umampiyas ka,
mamaybay sa pasimano.

Sa butas-na-atip
tumulo

at ipagsama ang kalawang,
dahon ng ipil-ipil,

lagundi
at kung hindi

sa sahig ka na lamang bumukal.

# Sunog

Ang magiyang sa Snickers
ang katulad na pakiramdam
ng pagkasabik na ika'y makita.

Mawawala ang pagkatakam
kahit mahagip
lang ng mata sa istante ng 7-11,
katabi ang binuboykot kong Kit-Kat.

Humalili
na nga ang bagkat na dulce-de-mani.

Gaya ng sapat nang yumakap ka,
ubusin ang pawis sa aking leeg
ng naghahabulan mong halik.

Pagmamahal ang anunsyo
ng iyong mga titig.
May ibang kilig
kapag nakaluhod ka sa aking harap
at iminumwestra mo kung saan
ang avenida at eskinita
sa iyong katawan na dapat kong galugarin.

Kung malalagyan ng musika,
gagawin kong awit
ang paulit-ulit mong pagtawag sa aking pangalan
habang bumibiling-biling ang iyong ulo
sa ritmo ng pagkiskis,
pagpisil
at pagsakal
sa bakal sa iyong ulunan.

Wala kang agam-agam
na baka may makarinig
ng iyong awit.

Maiwan man nating gusot ang kobrekama,
sagad ang pagkaupos ng Fortune
at hindi nabunot ang charger ng laptop
ay may bagay tayong di-malilimot,
lumutin man
ang iyong pinagtsaahan.

Tyak na maiiwan
ang mapupulang tandang-panamdam
sa gawing kaliwa ng aking dibdib.

Naghuhumiyaw na pingkian
ng panginoon at nilulupig,
sumisigaw ng pag-ibig.

# May Markang Iiwan Ang Dagta Ng Sineguelas Ngayong Tag-Araw

Hindi tayo binibigo ng hangin
na hagunot kung humihip galing Silangan,
kaya maski parang kumukulong aspalto
ang hininga ng bukid ngayong Marso
ay kinakaligkig pa rin tayo sa katanghaliang tapat.

Nakayukong animo'y ayaw tumunghay sa langit
ang itim na hayup ni Kuya Bayani sa parang.
Matiyagang naghihintay sa kumpay
at maligamlam na tubig sa timba
at walang pagtutol ang hayup
sa anumang higpit at gigil na pagpisil
sa kanyang mga suso tuwing umaga
para may maihatid na kasilyo
sa mga kanto ng panaderya sa Bayan.

Sa likod-bahay sa may kural
ay ang puno ng Sineguelas
na nanlalagas pala ang dahon kung tag-araw.

Nanlalagas ang dahon para mamunga.
Mamunga ng tamis at pakla.

At pagkatapos balibangin ng mga bata
ang hitik nitong bunga,
at pagpistahan ng lupa ang nanlaglag nitong tamis,
ay babalik muli ang mga dahon.

Katulad ng mga Kasamang martir
na nalagas sa pagrerebolusyon.

Markado ng iyong alaala ang aming tag-araw.

---

**kumpay – damong-pakain para sa hayup tulad ng kalabaw at baka. (eng. fodder)*
**kasilyo - kesong-puti*
**balibangin - pagbato sa bunga ng isang puno na gamit ang putol na kahoy*

# Mahal Kong Orly

'Wag kang masyadong
mag-alala
mahal kong asawa,
kung inakala
mong naging mahirap
ang aking pagpanaw.

Katunayan

halos hindi ko naramdaman
ang mga paso ng sigarilyo
sa aking hita.
Higit akong naluha,
nang sumagi sa aking isip
ang mga tahanang
sinunog ng militar.

Kahit ang dalawang tusok
ng icepick sa aking batok,
ay naging madali
dahil inagaw ang kirot
ng alaala
ng mga matang dinukot
at tinapyas na leeg,
ang hapdi nito.

Hindi ko na rin pinansin
ang matigas na bagay
na ibinagsak sa aking
mukha. Kahit pa nga ikinadurog
ito ng lahat ng aking ngipin.
Kahit halos magtalita
ang aking mga panga
at lumuwa ang aking mga mata.

Paano,
higit na mas masaklap
ang mga di-nabalitang
masaker,
straffing,
pamumugot ng ulo,

ang mga di na natagpuang bangkay
ang mga inulilang anak
at nilisang tahanan
ng kapwa mo rin magsasaka.

Mahal kong asawa,
kung maari, 'wag mo nang
ipatak ang iyong luha.

Ngayong gabi,
tiyak
magtitipon kayo sa isang parangal,
mag-aawitan,
magtatalambuhayan,
aalalahanin ang aking mga ambag.

Sa huling pagkakataon magdudulot
ng kilabot
ang aking kabaong sa inyong harapan.

Ngunit may hamon ang pagkahapis,
kukuyom ang inyong kamao sa iisang nais,
sa pag-awit ng Internasyunale
maaring hindi nyo mapipigilan,
papatak ang inyong luha,
hahalo sa lupa,
sa lupang pinatakan ng aking dugo.

Kung magkaganito,
maari ba mahal kong asawa,
tipunin mo ang kanilang mga luha.

Sa anumang paraang
kinakailangan,
ihulma mo sa hugis ng punglong
itinubog sa kumukulong asero.

At sa dulo ng aking libing
ay ang sigaw ng makauring
paghihiganti tungo sa kalayaan.

# Gayuma

Nagkalat raw ang gayuma sa Quiapo
    dahil malapit na ang Araw ng mga Puso;
Kahilera ang makabuhay, tawas, tanso,
    hairpin, DVD at pampatigas nang sikdo.

Langis sa botelya at dasal sa istampita;
    Sto. Ninong may titî at bulong sa bibliya.
Sambit ng mangkukulam na tindera:
    "Halina! Panghalina sa mailap na pagsinta!"

Kumagat ako sa pain at naghalungkat;
    sa bunton ng paninda'y naghanap ng agimat,
nguni't bigong makabili ng gayumang layon
    para sa Bayang nagpapakipot sa rebolusyon!

# Cariño-Revolucionario

Parang malambot na kutson
sa inaantok kong mata
ang tambak ng natuyong dahon
sa likod-bahay ng magsasakang nasa Kampuhan sa lungsod.
Inaasam na ganito rin ang ating kama
tuwing uuwi ako
sa mahabang pagliban sa mga halik at yakap mo.

Nagkamali ka
noong isipin mong hindi ko na ito hinahanap.
Naaamoy ko ang labi mo
sa bawat pinyang tinatalupan sa baryo.
Sing-init ng kape
kung umagang-walang-almusal
ang yakap mong
may ilang buwan na nang huli kong mahuli
at mabitag sa aking mga bisig.
Mas malimit nang manukso
ang angil at lambing
sa pakikibaka ng masa, hindi pagkagiliw sa iyo,
para magpalukso sa aking puso at dugo.
Mas kapana-panabik
ang umiigting na digma, hindi ang libog,
na abutin ang sukdulan.

Batid kong hindi ka na kayang pangitiin
ng tamis ng salita.
Hindi ka na kikiligin
sa mga tula ng pag-ibig
na itinutugma ko sa paglaya.
Sasabihin mo na namang
sa Bayan na lamang ako makipagtalik.

Oo, hindi ikaw ang una sa buhay ko.
Sana ako'y hindi rin sa 'yo.

# Cheesy Is The New Cool*

Ang mga makata ay maaring mangako
sa pinakamatatamis nilang salita.

Gaya ko, na may poetic license
para sabihing susungkitin
ko ang mga bitwin
upang umayon sa iyong horoscope,
at ang malawak na Manila Bay
ay lalanguyin
para ka lamang pabilibin.

Baka nga magtagumpay din
ang mga linyang
sisisirin ko ang Lawa ng Taal
para hulihin ang lahat ng tawilis
at magsalo tayo sa pinangat
at mainit na sinaing
ng kauring alipin sa kanayunan.

Kakabugin ko ang "Kapag
sinabi ko sa 'yo"
ni Gary Granada
at ang "You don't love
me anymore"
ni Weird Al Yankovic,
sa gayo'y malikha
ang pinaka-kesong tula.

Aaralin ang malulupit
na pick-up line;

"Fortune Red ka ba?"
Kumbakit, kahit
bawal sa aking baga
ang iyong usok, malalanghap
ka naman ng aking puso.

---

**Di-tapos na tula*

# The Poet's Muse

Reluctant, I am to be the inspiration of his verses.

Not that his lines do not rhyme. Or that his quatrain lack soul.

His odes incessantly pay homage to the abundance of the hostaged land, and the undying fervor of the dispossessed tillers. He refused to write about the idyllic country scenery, as nothing is peaceful in farmlands that became graveyards. In his epithets, forests are never tranquil as the eyes of the storm are brewing most violently in the farthest climbs and drops. No. To him the snapping of the smallest twigs or the slightest disturbance of ferns and mosses do not mean nature cleansing itself. But of looming danger to the people, their army and organs of political power thriving on sprawling lands reclaimed.

He so eloquently writes elegy not for love lost but for fallen comrades who fought valiantly and whose best years they dedicated to their undying love for the exploited class.

Reluctant, I am to be the inspiration of your verses.

No, please do not be saddened if I refuse to be the inspiration behind your poems. In as much as I would want to be your muse, I am also profoundly humbled by the sacrifices of Ka Eddie and many countless others that deserve to be immortalized.

Let not my eyes inspire you to write poems. As behind the eyes of Tatay Nestor is not his unspoken love for Nanay Lani but his longing to be reunited with his land.

Do not let your sharp pen perish, if I refuse to be the inspiration behind your sweet poems. Strike the enemy the way Ho Chi Min explicitly taught fellow poets. Lead an attack. Be the art that Chairman Mao referred to in his address at the Yenan forum. Serve the masses. Be an effective weapon against the counter revolution.

Reluctant, I am to be the inspiration of your verses.

For the revolution needs no metaphors and the clamor of the masses can never be personified by stars and the gentle summer breeze. They are better said in direct, precise and most hard hitting words, I know that you are very adept in.

Please, understand if I refuse to be alliterated in your lines. Dear, the proletarian revolution is a great and ever continuing epic. I never would want to be your Helen, to be put on pedestal while the just war is unfurling. Do not, even consider to be the blind Virgil recounting the beauties of vestal virgins and the exploits of kings and heroes.

If you would, allow me to be a part of this historic epic with you.

## Ang May-Akda

Si **Axel Pinpin** ay dating bilanggong politikal sa panahon ng rehimeng US-Gloria Macapagal Arroyo. Napiit s'ya sa Camp Vicente Lim dahil sa kasong rebelyon sa loob ng 28-buwan (Abril 2006 - Agosto 2008)

Ayon sa makata, "*My life will begin this year.*" Magkuk'warenta na siya.

Any walk through a park that runs between a double line of mangy trees and passes brazenly by the ladies' toilet is invariably known as "Lover's Lane." (The Columbia Dictionary of Quotations is licensed from ColumbiaUniversity Press. Copyright © 1993, 1995 by Columbia University Press.All rights reserved.)

**Lover's Lane - tawag sa isang lugar sa Don Severino Agricultural College (Cavite State University ngayon) na paboritong date-an ng magsusyota. May puno ng kaymito na paborito ring ukitan ng ngalan at puso ng magkakasintahan**